Language Links.org
Philippine Languages to the World

Chapter 5

Samari, Konklusyon at Rekomendasyon

5.0 Introduksyon. Tinalakay sa mga Chapter 3 at 4 ang derivesyon ng mga simpleng verbal klos (SVK) sa Cebuano na monotransitiv, daytransitiv at monoargumental o mga verb na may isang argument lamang. Dinerayv din ang verb klos na may klosal komplement, bagama't labas na sa iskowp ng papel, upang mailustreyt ang multipol *Spell-Out*. Sa pangkalahatan, naipakita ang kaangkupan ng Minimalist freymwork sa pag-akawnt ng derivesyon ng mga SVK, at maging sa komplex verbal klos, sa Cebuano.

Unang tatalakayin sa chapter na ito ang mga parameter na itinakda ng wikang Cebuano sa mga prinsipol ng *UG (Universal Grammar*). Unahin natin ang muvment at order ng mga konstityuent sa simpleng transitiv klos.

5.1 Muvment at order ng mga konstityuent sa monotransitiv klos.

5.1.1 Ang muvment sa monotransitiv klos. May dalawang argument ang verb sa monotransitiv: ang EA at IA na objek ng verb. Ang (1) ang komputasyon ng transitiv verbal klos batay sa Minimalist freymwork kung saan pinapayagan ang opsyonal muvment ang DP*objek* tungo sa [Spec2,*v*P] (2).

1)



Language Links.org
Philippine Languages to the World

2)



Tunghayan ang mga monotransitiv klos sa (3) upang masundan ang mga muvment ng mga konstityuent na pinapayagan sa loob ng klos.

3) Muvment ng EA at IA sa loob ng monotransitiv verbal klos

Fokus				
Aktor	i	Maglikay ang kolektor kaniya	V-EA-DO	
	ii	Maglikay kaniya ang kolektor	V-DO-EA	
	iii	Maghuwat ko sa imong tubag	V-EA-DO	*V-DO-EA
Direk Objek	iv	Paliton ni Pedro ang balay	V-EA-DO	
	v	Paliton ang balay ni Pedro	V-DO-EA	V-DO
	vi	Sumbagon ni Juan si Pedro	V-EA-DO	
	vii	Sumbagon si Pedro ni Juan	V-DO-EA	
IndirekObjek	viii	Bisitahan ni Maria ang maestra	V-EA-IO	
	ix	Bisitahan ang maestra ni Maria	V -IO-EA	V-DO
	x	Bisitahan ni Maria si Susan	V-EA-DO	
	xi	Bisitahan si Susan ni Maria	V-DO-EA	
Konveyans	xii	Isakripisyo ni Lea ang iyang bakasyon	V-EA-DO	
	xiii	*Isakripisyo ang iyang bakasyon ni Lea	*V-DO-EA	*V-DO
	xiv	Ibaligya ni Pedro ang balay	V-EA-DO	
	xv	Ibaligya ang balay ni Pedro	V-EA-DO	V-DO
	xvi	Gitudlo ni Mario si Inday	V-EA-DO	
	xvii	Gitudlo si Inday ni Mario	V-DO-EA	

Language Links.org
Philippine Languages to the World

5.1.2 Mga parameter sa muvment sa monotransitiv klos sa wikang Cebuano. Pinapakita sa (3) ang pagpapalitan ng pwesto ng EA at DO sa AF (i at ii), ngunit hindi sa (iii) kung saan pronawn ang EA. Pinapayagan ang muvment ng objek (Objek-shift) sa mga monotransitiv verbal klos sa Cebuano na AF, maliban lamang kung pronawn ang aktor. Pinapayagan din ito sa mga verbal klos na OF kung [+Person$_{proper}$] ang objek ng verb (vii, xi, at xv). *Ambiguous* ang Objek Shift (OS) kung *ang-NP* ang objek (ix, xv); at magkakrash kung [ang + posesib pronawn+ nawn] ang objek (xiii).

Magiging sanhi ang OS sa ambigwiti ng klos kung hindi [+Person$_{proper}$] o kung *ang-NP* ang objek ng verb sa DO at IO fokus. Posibli kasing mabibigyan ito ng dalawang kahulugan o magrerekonstrak ang klos. Sa anyong Genetiv ng aktor maaring mainterpret ito bilang posesor ng DP*objek* sa halip na aktor (4). At sa ganun, hindi na ito monotransitiv kung hindi monoargumental (5).

4)



5)



Language Links.org
Philippine Languages to the World

Masasabing mabibigyan lamang ng malinaw na kahulugan ang OS sa mga monotransitiv verbal klos (i) sa mga verbal klos na AF kung saan hindi pronawn ang EA at (ii) sa mga klos na Objek fokus na [+Person$_{proper}$] ang objek. Magkakaroon ng ambigwiti ang OS (DO/IO-EA order) kung [*ang-NP* (komon nawn)] ang objek ng verb. At magkakrash kung [ang + posesib pronawn+ nawn] ang objek . Pinapakita sa (6) ang mga parameter sa Objek-shift (OS) sa mga monotransitiv klos sa Cebuano.

(6) Mga Parameter na itinakda ng wikang Cebuano sa OS ng monotransitiv klos

Order ng klos sa UG	S- V- O	
Beysik order ng Cebuano	V- S - O	parameter 1
Objek-shift sa Cebuano	V- O – S	parameter 2
• sa aktor fokus klos		parameter 2a
• sa klos na "+Person$_{proper}$" ang objek		parameter 2b

5.2 Muvment at order ng mga konstityuent sa mga daytransitiv klos

5.2.1 Muvment sa daytransitiv klos. May tatlong argument ang verb sa daytransitiv: ang EA at dalawang IA, DO at IO. Ang istruktura sa freymwork (7) ang ginamit na basehan sa pagkokompyut ng derivesyon ng mga daytranstiv klos sa papel na ito. Pinapakita sa (8) ang mga muvment ng mga objek na saklaw sa istruktura sa (7): ang DO-shift sa (8a) at ang DO-IO shift sa (8b). Ang (7) ang Merj posisyon at ang (8a at b) ang *Spell-out* posisyon.

Language Links.org
Philippine Languages to the World

7)



8a)



8b)



Language Links.org
Philippine Languages to the World

Balikan natin ang mga daytransitiv klos na natalakay na upang masundan ang muvment ng mga konstityuent sa loob ng klos na pinapayagan sa wikang Cebuano (9). Nakabold-feys ang mga order na naaayon sa istrukturang binigay ng freymwork.

9a) Aktor Fokus[1]				
i) Mihatag	si Pedro	ug kwarta	sa pulis	**V-EA-DO-IO**
ii) Mihatag	si Pedro	sa pulis	ug kwarta	V-EA-IO-DO
iii) Mihatag	ug kwarta	si Pedro	sa pulis	**V-DO-EA-IO**
iv) Mihatag	ug kwarta	sa pulis	si Pedro	V-DO-IO-EA
v) *Mihatag	sa pulis	ug kwarta	si Pedro	***V-IO-DO-EA**
vi) *Mihatag	sa pulis	si Pedro	ug kwarta	*V- IO-EA-DO

9b) Direk Objek (DO) Fokus	
i) Paliton ni Pedro ang balay para sa iyang igsoon	**V-EA-DO-IO**
ii) Paliton ni Pedro para sa iyang igsoon ang balay	V-EA-IO-DO
iii) Paliton ang balay ni Pedro para sa iyang igsoon	**V-DO-EA-IO**
Paliton [ang balay ni Pedro] para sa iyang igsoon	V-DO-IO
iv) *Paliton ang balay para sa iyang igsoon ni Pedro	*V-DO-IO-EA
v) *Paliton para sa iyang igsoon ang balay ni Pedro	***V-IO-DO-EA**
vi) *Paliton para sa iyang igsoon ni Pedro ang balay	*V- IO-EA-DO

9c) Indirek Objek (IO) Fokus	
i) Gihatagan ni GMA ug insurance ang mga drayber	**V-EA-DO-IO**
ii) Gihatagan ni GMA ang mga drayber ug insurance	V-EA-IO-DO
iii) Gihatagan ug insurance ni GMA ang mga drayber	**V-DO-EA-IO**
iv) Gihatagan ug insurance ang mga drayber ni GMA	V-DO-IO-EA

[1] Ang Aktor Fokus ay sumasaklaw sa lahat na mga verbal afiks na nauugnay sa *mo-, mag-*, at *ma-*; ang Direk Objek Fokus ay tumutukoy sa mga *–on* verb; ang Indirek Objek Fokus ay kover term sa lahat na nakapaloob sa *–an* verb; at ang Konveyans Fokus, sa *i*-verb.

Language Links.org
Philippine Languages to the World

Gihatagan ug insurance [ang mga drayber ni GMA]	V-DO-IO
v) Gihatagan ang mga drayber ug insurance ni GMA	**V-IO-DO-EA**
Gihatagan [ang mga drayber ni GMA] ug insurance	V-IO-DO

9d) Konveyans Verb	
i) Gihatag ni GMA ang insurance sa mga drayber	V-EA-DO-IO
ii) Gihatag ni GMA sa mga drayber ang insurance	V-EA-IO-DO
iii) Gihatag ang insurance ni GMA sa mga drayber	V-DO-EA-IO
Gihatag [ang insurance ni GMA] sa mga drayber	V-DO-EA
iv) Gihatag ang insurance sa mga drayber ni GMA	V-DO-IO-EA
Gihatag [ang insurance sa mga drayber ni GMA]	V-DO-
Gihatag ang insurance [sa mga drayber ni GMA]	V-DO-IO
v) Gihatag sa mga drayber [ang insurance ni GMA]	V-EA –DO
vi) Gihatag [sa mga drayber ni GMA] ang insurance	V-EA –DO

9e) Hanayan ng mga order ng mga daytransitiv klos pagkatapos ang muvment

Aktor Fokus	Direk Objek (DO) Fokus	Indirek Objek (IO) Fokus	Konveyans Verb
i)V-EA-DO-IO	**V-EA-DO-IO**	**V-EA-DO-IO**	**V-EA-DO-IO**
ii)V-DO-EA-IO	V-DO-EA-IO/ V-DO-IO	**V-DO-EA-IO**	V-DO-EA-IO/ V-DO-EA/V-DO-IO
iii) *V-IO-DO-EA	*V-IO-DO-EA	**V-IO-DO-EA**	V-IO-DO-EA >V-EA–DO
iv) V-EA-IO-DO	V-EA-IO-DO	V-EA-IO-DO	V-EA-IO-DO
v) V-DO-IO-EA	*V-DO-IO-EA	V-DO-IO-EA/V-DO-IO	V-DO-IO-EA/V-DO-EA
vi) *V- IO-EA-DO	*V- IO-EA-DO	V-IO-EA-DO/V-IO-DO	V- IO-EA-DO > V-EA-DO

Binibigay sa (9h) ang samari ng mga word order ng mga daytransitiv verbal klos sa wikang Cebuano. Ang naunang tatlo ay ang word order na binibigay ng freymwork at ang pang-apat at ang huli ay ang ispisifiko sa wika. Ang mga sumusunod ang kahulugan ng mga notasyon: 'KD', konverjent ang derivesyon; 'AD', *ambiguous* ang

Language Links.org
Philippine Languages to the World

derivesyon; '*ZD', magkakrash ang derivesyon; at 'AD/*ZD', may mga derivesyong ambiguous at mayroong hindi talaga pinapayagan ng wika (viz., magkakrash ang derivesyon). Halimbawa, ang (9f) ay ambiguous samantalang hindi gramatikal ang (9g).

9f) Gihatag ang insurance sa mga drayber ni GMA

9g) *Paliton ang balay para sa iyang igsoon ni Pedro

9h)	V-EA-DO-IO	V-DO-EA-IO	V-IO-DO-EA	*V-DO-IO-EA*	*V- EA-IO-DO*
	Verb shift	DO shift	IO shift		
Aktor Fokus: Mo-verb	KD	KD	*ZD	KD	KD
Objek Fokus: --on verb	KD	AD	*ZD	*ZD	KD
IO Fokus: –an verb	KD	KD	KD	AD	KD
Konveyans Fokus : i-verb	KD	AD	AD	AD/*ZD	KD

5.2.2 Mga parameter sa muvment sa daytransitiv klos sa wikang Cebuano. Makikita na sa pangkalahatan, aplikabol ang transitiv straktyur ng mga DP argument na prinopows para sa muvment ng daytransitiv verb klos. Makikita sa (9h) na tanggap ang V-EA-DO-IO order kahit anong DP komplement ang nakafokus.

Ang V-DO-EA-IO sa DO-shift ay pinapayagan sa mga klos na AF at IO fokus. Nagiging *ambiguous* ito sa DO Fokus at Konveyans verb kung saan maaaring magrekonstrak ang [DO-EA] at magiging [DP + posesor] tulad ng DO fokus sa (9eii). At sa Konveyans verb maari pang mainterpret ang IO bilang EA kung magaganap ang rekonstraksyon sa

Language Links.org
Philippine Languages to the World

(9eii): V*gihatag* [DO*ang insurance ni GMA*] [EA*sa mga drayber*]. Mapapansin na ang IO*sa mga drayber* ay gumaganap bilang EA dito.

Ang pangatlong istruktura ng freymwork, **V-IO-DO-EA**, ay nagagamit lamang sa mga klos na IO fokus. Pinapayagan lamang ang pag-akyat ng IO sa pangalawang posisyon ng klos (katabi ng verb) sa IO fokus. Magkakrash ang derivesyon kung tatabi ang IO sa verb sa mga klos na AF at DO Fokus. At bagama't pinapayagan ito sa KF, nagrerekonstrak ito at narereinterpret ang IO na katabi ng verb bilang EA (V*gihatag* IO*sa mga drayber*) at ang [DO-EA] ay narereinterpret [DO + posesor].

Mapapansin din ang iba pang mga order na tinatanggap ng wikang Cebuano. Ang order na V-EA-IO-DO (ispisifiko sa wika), tulad ng V-EA-DO-IO (naaayon sa freymwork), ay pinapayagan sa lahat ng klos, kahit anong DP ang nakafokus. Itong dalawang order lamang ang malayang tinatanggap sa lahat na klos. Mas malinaw ang interpretasyon ng kahulugan ng mga verbal klos kung nakalagay sa pangalawang posisyon ng klos (kasunod ng verb) ang EA.

Pinapayagan din ang V-DO-IO-EA kung nakafokus ang aktor sa klos. Maaring magrekonstrak ang order na ito sa IO fokus at magiging V-DO-IO (DP + posesor] at sa KF, V-DO-EA (DP + posesor). Magkakrash naman ang derivesyon kung magaganap ang muvment na ito sa DO fokus.

Makikita ang mga order na naaayon sa istruktura ng freymwork (9ei-iii). Naipakita na nagagamit ang (i) sa lahat na mga daytransitiv verbal klos sa wikang Cebuano. Ang DO-

Language Links.org
Philippine Languages to the World

shift (ii) naman,V-DO-EA-IO, ay ganap na narerealays lamang sa Aktor at IO fokus. Ang V-DO-IO-EA ay naipapatupad lamang sa AF na mga klos o sa mga IO fokus klos kung [+Person$_{proper}$] ang IO. Samantalang nagkakaroon ng ambiguiti sa interpretasyon kung gagamitin ito sa mga klos na DO at KF. At ang (iii) ay nakikita lamang sa mga klos na IO fokus.

Tunghayan sa (10) ang aplikabiliti ng mga word order ng freymwork sa mga daytransitiv verbal klos sa Cebuano at ang mga paramater na itinakda ng wikang Cebuano kaugnay nito (11).

10) Mga order sa daytransitiv verbal klos sa freymwork at sa wikang Cebuano

Order sa Freymwork	Aktor Fokus	DO Fokus	IO Fokus	KonFocus
i) V-EA-DO-IO	V-EA-DO-IO	V-EA-DO-IO	V-EA-DO-IO	V-EA-DO-IO
ii) V-DO-EA-IO	V-DO-EA-IO	> V-DO-IO	V-DO-EA-IO	> V-DO- EA
iii) V-IO-DO-EA	*V-IO-DO-EA	*V-IO-DO-EA	V-IO-DO-EA	> V-EA–DO

11) Parameter na itinatakda ng wikang Cebuano sa OS ng daytransitiv klos:

Freymwork	Cebuano		Pinapayagan sa
a) V-EA-DO-IO	V-EA-DO-IO		lahat na klos
	V-EA-IO-DO	parameter 3	lahat na klos
b) V-DO-EA-IO	V-DO-EA-IO	parameter 4a	Aktor at IO fokus klos
(DO-shift)	V-DO-IO-EA	parameter 4b	Aktor at IO fokus klos
c) V-IO-DO-EA	V-IO-DO-EA	parameter 5	IO fokus klos

Language Links.org
Philippine Languages to the World

5.2.3. Parameter sa distribusyon ng mga argument ng verb sa daytransitiv klos. Susuriin naman ang mga parameter sa distribusyon ng EA, DO, at IO sa klos. Tunghayan ang (12).

12) Distribusyon ng mga argument sa daytransitiv klos:				
Aktor Fokus i	V-EA-DO-IO	V-DO-EA-IO	V-DO-IO-EA	
ii	V-EA-IO-DO			
DO Fokus iii	V-EA-DO-IO			
iv	V-EA-IO-DO			
IO Fokus v	V-EA-DO-IO	V-DO-EA-IO	V-DO-IO-EA[2]	V-IO-DO-EA
vi	V-EA-IO-DO			
Kon Fokus vii	V-EA-DO-IO			
viii	V-EA-IO-DO			

Sa pangkalahatan, ang EA ay makikita sa merj posisyon nito, katabi ng verb na nag-adjoyn sa T. Nananatiling katabi ito ng verb sa pagpapalitan ng pwesto ng DO at IO sa klos. Ang posisyong ito ng EA ang makikita sa lahat ng klos. Makikita rin ang EA sa pangatlong posisyon at sa faynal na posisyon ng mga klos na AF at IO fokus kung magaganap ang DO-shift .

Sa pangatlong posisyon ang Merj posisyon ng DO, kaya makikita ito sa lahat na klos. Kung makikipagpalitan ito ng posisyon sa IO mula sa posisyon ng merjer, makikita ito sa faynal posisyon ng klos. Tatabi ito sa verb (pangalawang posisyon sa klos) kung magaganap ang DO-shift sa mga klos na AF at IO fokus. Nakikita naman ang IO sa faynal (merj) posisyon nito at sa pangatlong posisyon kung makikipagalitan ito ng

[2] Pinapayagan kung[+Person$_{proper}$] ang IO ng klos.

Language Links.org
Philippine Languages to the World

pwesto sa DO. Tumatabi rin ito sa verb kung nakafokus ang IO. Tunghayan ang teybol sa (13).

(13) Hanayan ng distribusyon ng mga argument sa klos

	Merj Posisyon	Inisyal IO-DO shift	DO-shift	IO shift
EA	2ND posisyon	2nd posisyon	3rd posisyon	3rd
			faynal	faynal
DO	3rd posisyon	faynal	2nd posisyon	3rd posisyon
IO	faynal	3rd posisyon	faynal	2nd posisyon
			3rd posisyon	

Ang lahat na mga argument ng verb ay maaaring pumwesto sa tabi nito, sa pangalawang posisyon sa klos –nakafokus man o hindi. Pinapakita ito sa (14). Nagpapatunay ito na hindi kailangang umakyat sa sintaktik *tree* at tatabi sa verb ang *ang-NP* o topik-NP.

14) Argument	NakaFokus/ Hindi Nakafokus
EA	Mihatag si Pedro ug kwarta sa pulis.
	Gihatag ni Pedro ang kwarta sa pulis.
DO	Gihatag ang insurance kang GMA sa mga drayber
	Gihatagan ug insurance sa mga drayber si GMA
IO	Gihatagan si Juan ug insurance ni GMA
	Gihatag kang Juan ang insurance ni GMA.

Language Links.org
Philippine Languages to the World

5.2.4 Ang EA ng klos. Ang EA ng klos ay makikita sa pangalawang posisyon sa *Spell-Out*, katabi ng verb. Tinagurian itong sabjek sa istruktura ng freymwork. Pinakita sa (12) na dalawa lamang ang order na tinatanggap sa lahat ng mga verbal klos: V-EA-DO-IO at V-EA-IO-DO, kung saan nakapwesto ang EA sa pangalawang posisyon. Kung iuugnay ito sa Parameter 1 at 3, makikita ang relasyon ng mga DP argument sa verb (15a):

15a) Parameter I : Beysik order V- S- O

Istruktura ng freymwork V- EA-DO-IO

V- S- O - O

V- S- O

Parameter 3: V-EA-IO-DO

V- S - O - O

Naipapakita ng freymwork na ang EA ang sabjek ng verb. At ito ang mag-aadjoyn sa T upang mabigyan ng nominativ Keys. Isa pang dapat pansinin kaugnay nito ay ang mga EA na personal pronawn. Malimit na kinokonsider na isang *constraint* ang muvment ng EA pronawn galing sa pangalawang posisyon ng klos. Habang pinapayagan ang EA muvment, magkakrash ang derivesyon kung magmumuv ang EA pronawn. Samakatwid mananatili itong katabi ng verb. Ano ang motibasyon nito? Dahil kaya fangktor ang pronawn at may nakatakdang posisyon na sa preys tulad ng ibang mga fangktor (viz., determiner, preposisyon, at partikel)?

Ang mga pronawn, determiner, preposisyon at maging ang mga partikel ay may kani-kaniyang pwesto sa klos. Halimbawa, ang determiner sa wikang Cebuano, tulad din sa Ingles, ay nauuna sa nawn na minamark nito [Det + Nawn]. Ganun din ang preposisyon

Language Links.org
Philippine Languages to the World

[prep + Nawn]. Ito rin ba ang katangian ng pronawn? Kung tutunghayan ang muvment ng mga pronawn konstityuent sa klos, makikitang ang muvment lamang ng EA pronawn ang hindi pinapayagan. Ang muvment ng DO at IO pronawn ay pinapayagan. Kaya hindi rin masasabing ang pangkalahatang katangian ng pronawn ang sanhi ng pagbabawal ng muvment ng EA pronawn. Tingnan ang (16), kung saan malinaw na pinapakita sa (i) at (ii) na nagkrash ang derivesyon dahil sa muvment ng EA pronawn, habang nagrekonstrak naman ang klos sa (iii). Makikita naman sa (iv) at (v) na pinapayagan ang muvment ng mga IA pronawn. Samakatwid, pinapayagan lamang ang pagpapalitan ng pwesto ng EA at IA kung parehang pronawn ang mga ito. Tutukuying Parameter 6 ang pronawn konstraint.

15b) Parameter 6a: Nanatili sa pangalawang posisyon ng klos (viz., katabi ng verb) ang EA pronawn.

Parameter 6b: Pinapayagan lamang ang Objek shift sa klos na may pronawn EA kung pronawn din ang IA.

16a) Muvment ng EA pronawn	
i) Mohatag siya ug kwarta sa pulis	*Mohatag ug kwarta siya sa pulis
ii) Hatagan niya ug kwarta ang pulis	*Hatagan ug kwarta niya ang pulis
iii) Ihatag niya ang kwarta sa pulis	Ihatag [ang kwarta niya sa pulis]

16b) Muvment ng IA pronawn	
iv) Maglikay ang kolektor kaniya	Maglikay kaniya ang kolektor
v) Hulatan namo siya	Hulatan siya namo

Language Links.org
Philippine Languages to the World

Kalimitang iniinterpret ang EA pronawn muvment bilang *constraint* ng muvment. Ngunit maari din itong katibayan na ang DP sa EA ay siya talagang sabjek ng klos at hindi ang *ang-NP* o *topik-NP*? Ang EA pronawn ay kailangang mananatili katabi ng verb upang mag-adjoyn ito sa T kung saan maaasayn ang nominativ Keys ng T pagkatapos ng adjangksyon ng verb sa T.

5.2.5 Ang mga IA ng klos. Dalawa ang IA ng klos: direk objek at indirek objek. Nakapaloob sa VP ang dalawang ito. Inilarawan ang mga muvment ng mga ito sa loob ng klos sa (17).

(17) Muvment ng IA sa daytransitiv klos[3]

1. Pinapayagan ang pagpapalitan ng pwesto ng dalawang objek (pangatlo at faynal na posisyon) sa lahat na mga klos: [V-EA-DO-IO] > [V-EA-IO-DO] (Parameter 3).
2. Sa DO-shift (tumatabi ang DO sa verb):
    a) Pumapagitna ang EA sa dalawang IA, V-DO-EA-IO (Parameter 4a);
    b) Ang [EA-IO] order kadalasa'y nagiging [IO] na lang sa DO fokus (Parameter 7);
    c) Ang [DO-EA] order sa KF ay nagiging [DO] at ang [EA-IO] ay nagiging [IO] (Parameter 8);
    d) Ang pagtatabi ng dalawang IA, [DO-IO] sa DO-shift kung saan nasa faynal posisyon ang EA ay pinapayagan sa AF (Parameter 4b);

[3] Ang mga order dito ay iniuugnay sa mga parameter na nadefayn sa mga Teybol (6) at (11) sa itaas.

Language Links.org
Philippine Languages to the World

e) Pinapayagan din sa IO, at KF ang [DO-IO] kung [+Person$_{proper}$] ang IO (Parameter 4c);

f) Kung hindi [+Person$_{proper}$] ang IO, magiging [IO] ang [IO-EA] sa IO fokus (Parameter 4d) at [EA] sa KF (Parameter 4e);

g) Hindi pinapayagan ang [DO-IO-EA] sa DO fokus (Parameter 4f).

3. Sa IO shift (tumatabi ang IO sa verb):

a) Pumapagitna ang EA sa IO at DO, [V-IO-EA-DO]. Nagaganap sa IO Fokus at KF lamang (Parameter 9);

b) Maaaring magrekonstrak ang [IO-EA] at maging [IO] sa IO fokus (Parameter 4d); at maging [EA] sa KF (Parameter 4e);

c) Hindi pinapayagan ang IO shift sa mga klos na AF at DO fokus (Parameter 10).

5.2.6 Ang mga fityur na [+strong]. Inilarawan sa itaas ang mga muvment ng mga konstituyent ng mga verbal klos sa Cebuano. Nasabi na sa unahan na muvment ang dahilan sa pagkakaiba ng wika. At nangyayari ang muvment upang machek ang mga [-interpretabol] fityur ng mga fangksyonal konstituyent. Isa pang kinakansel sa cheking ay ang mga fityur na [+*strong*]. Tulad ng [+*strong* V] fityur ng v^0 na kinakansel ng leksikal verb V sa pamamagitan ng adjangksyon nito sa fangksyonal hed (18). Sa kabilang dako, ang [+ *strong* V] fityur ng fangksyonal hed Tens ang motibasyon ng muvment ng verb komplex *Vb* (V + v^0). Mula sa *Vb* nowd nito sa *v*P, nag-aadjoyn ito sa T^0 upang makansel ang [+*strong* V] fityur ng Tens (19).

Language Links.org
Philippine Languages to the World

18)



19)



Ang adjangksyon na ito ang dahilan ng V-S-O order ng mga SVK sa Cebuano. Kung makakansel na ang [+*strong* V] fityur ng Tens, magaganap na ang *Spell-Out*. Tutuloy ang mga fonolojikal fityur sa PF kung saan maipapaliwanag ang mga prosesong ponolohikal na nagaganap sa derivesyon pagkatapos ng *Spell-out*. Ang mga semantik fityur naman ay tutuloy sa LF kung saan mabibibigyan ito ng akmang kahulugan.

5.3 Samari ng mga parameter na itinatakda ng wikang Cebuano sa mga prinsipol ng UG:

Parameter 1 V-S-O ang beysik order ng mga SVK Cebuano

Parameter 2 V-O-S ang Objek-shift sa Cebuano

Parameter 2a Ang Objek-shift ay nagaganap sa Aktor fokus klos

Parameter 2b Ang Objek-shift ay pinapayagan din sa klos na [+$\text{Person}_{\text{proper}}$] ang objek

Parameter 3 V-EA-IO-DO < V-EA-DO-IO : tinatanggap sa lahat na klos

Language Links.org
Philippine Languages to the World

Parameter 4 Ang DO-shift V-DO-EA-IO ay nagaganap sa mga klos na AF at IO Fokus

Parameter 4a Pumapagitna ang EA sa dalawang IA, V-DO-EA-IO

Parameter 4b Pinapayagan ang pagtatabi ng dalawang IA, [DO-IO] sa DO-shift kung saan nasa faynal posisyon ang EA sa AF

Parameter 4c Pinapayagan sa IO Fokus at KF ang [DO-IO] kung [+Person$_{proper}$] ang IO

Parameter 4d Kung hindi [+Person$_{proper}$] ang IO, magiging [IO] ang [IO-EA] sa IO fokus

Parameter 4e Kung hindi [+Person$_{proper}$] ang IO, magiging [EA] ang [IO-EA] sa KF

Parameter 4f Hindi pinapayagan ang [DO-IO-EA] sa DO fokus.

Parameter 5 Ang V-IO-DO-EA ay pinapayagan lamang sa mga klos na IO fokus

Parameter 6a: Nanatili sa pangalawang posisyon ng klos (viz., katabi ng verb) ang EA pronawn.

Parameter 6b: Pinapayagan lamang ang Objek shift sa klos na may pronawn EA kung pronawn din ang IA.

Parameter 7 Kadalasa'y nagiging [IO] na lang ang [EA-IO] order sa DO Fokus

Parameter 8 Nagiging[DO] ang [DO-EA] order sa KF at ang [EA-IO] nagiging [IO]

Parameter 9 Pumapagitna ang EA sa IO at DO, [V-IO-EA-DO] sa IO at KF lamang

Parameter 10 Hindi pinapayagan ang IO shift sa mga klos na AF at DO Fokus

Parameter 11 Ang adjangksyon sa *Vb* sa fangksyonal hed Tens ang dahilan sa V-S-O order ng mga SVK sa Cebuano

5.4 Kongklusyon. Naipakita sa papel na ito na aplikabol ang MP sa wikang Cebuano. Naidemonstreyt ang aplikabiliti ng mga operasyong *Select*, Merj, Muv, Fityur cheking, at

Language Links.org
Philippine Languages to the World

Spell-out. Magmula sa Numerasyon hanggang *Spell-out* at maging sa anyo ng klos sa LF, naipakita ang kakayahan ng MP freymwork sa pag-akawnt sa derivesyon ng mga SVK ng wika.

Malinaw na nailarawan sa papel na ito ang mga sumusunod: (i) ang derivesyon ng mga simpleng verbal klos ng Cebuano batay sa freymwork ng MP; (ii) ang proseso ng derivesyon mula Numerasyon hanggang *Spell-Out*[4] (*narrow syntax*) at ang fityur cheking sa LF; (iii) ang relasyon ng mga leksikal fityur ng mga verb at nawn at ang relasyon nila sa isa't-isa at sa iba pang kategoryang fangksyonal sa komputasyon; (iv) ang muvment ng mga konstityuent sa loob ng klos; at, (v) ang iba'-ibang distribusyon ng mga argument ng verb. Samakatwid, naipakita ng papel na ito ang kaangkupan at kakayahan ng MP bilang instrumento ng sintaktik analisis ng mga SVK sa Cebuano. Dagdag nito, naitakda sa papel na ito ang mga parameter ng UG sa wikang Cebuano.

Ang paggamit ng papel na ito sa MP freymwork sa pag-akawnt ng derivesyon ng mga SVK sa wikang Cebuano ay isang hakbang tungo sa pagpapatingkad sa kaalaman hinggil sa unibersal na gramar (UG) na siyang pinagpupunyagiang makamtan ng mga linggwista sa jenerativ gramar. Dagdag nito, ang paggamit ng MP sa pagdeskrayb ng Cebuano verbal klos ay isang mahalagang hakbang tungo sa aplikasyon ng makabagong gramar sa wikang ito. At dahil dito, maituturing na mahalagang kontribusyon ito sa larangan ng Cebuano linggwistiks, at maging sa linggwistiks sa Pilipinas.

[4] Ipinaliwanag sa Sakop at Limitasyon sa Chapter 1 ng papel na ito na sa tatlong bahagi ng MP (viz., *narrow syntax* , fonetik komponent, at semantik koponent) ang *narrow syntax* lamang ang komprehensibong diniskas dito dahil ito mismo ang komputasyon sa derivesyon ng mga verbal klos. Tinalakay lamang ang LF upang ipakita ang fityur cheking.

Language Links.org
Philippine Languages to the World

5.5 Mga Rekomendasyon. Sa MP freymwork, nakikita ng reserter ang tatlong bahagi na kailangan ng komprehensibong pagtatalakay. Ang bawa't isa nito ay dapat maging paksa ng masinsinang pag-aaral at reserts. Ang mga ito ay: (i) ang *narrow syntax* (viz., ang komputasyon mula Numerasyon hanggang *Spell-Out*); (ii) ang komputasyon mula *Spell-Out* hanggang LF; at (iii) ang komputasyon mula *Spell-Out* hanggang PF.

Sa papel na ito, *narrow syntax* lamang ang komprehensibong natalakay. Pagkatapos gawin ng resertser ang papel na ito, masasabi niyang magaling na kasangkapan ang MP sa pagjejenereyt ng mga verbal klos sa wikang Cebuano; simple ang pamamaraan at madaling maipaliwanag ang pagkakaiba ng iba-ibang wika sa mundo. Para sa freymwork na ito unibersal ang komputasyon sa pagjejenereyt ng mga klos sa wika at unibersal din ang muvment sa LF. Sa ibang salita, nagkakaiba lamang ang mga wika dahil sa fonolojikal komponent ng mga ito. Habang ang pagkakaiba ng word order naman ay inaatribyut sa muvment ng mga leksikal *item* upang machek ang mga [+*strong*] fityur ng mga fangksyonal kategori.

Marami-rami na rin ang mga pag-aaral na gumagamit sa MP freymwork sa Prinsipol at Parameter Tyuri sa pag-aakawnt ng mga derivesyon sa mga wika sa mundo –kasali na nito ang mga linggwistang nakatuon sa mga wikang Ostronesian (tulad ng Malagasy, Chamorro, Tagalog), mga wikang Asyano (Insik, Japones, Korean, Taiwanese), wikang Oropeo (Espanol, Basque, Romanian, Aleman, Scandinavian, Irish, French) , maging sa mga wikang Arabo, Hebrew, Greek at marami pang iba. Dahil sa kani-kanilang mga pag-aaral nasusuri nilang mabuti ang mga parameter ng mga wika at navavalideyt nila

Language Links.org
Philippine Languages to the World

ang mga prinsipol tungo sa expanatori adekwasi (paano natutunan ang wika) sa pamamagitan ng deskriptiv adekwasi (paglalarawan ng mga ispisifikong mga wika). Para sa kanila, may paliwanag ang mga limitasyon na inuugnay nila sa parameter na itinatakda ng wika sa mga prinsipol sa UG. Halimbawa, magkakaiba ang muvment ng mga pronawn sa SVK ng Cebuano at sa verbal klos sa wikang Ingles. Kinokonsider itong parameter valyu na pinili ng bawat wika mula sa UG.

Ganunpaman, habang lumalago ang debelopment ng MP sa sintaktik na larangan, mukhang nakakaligtaan naman ang mga komprehensibong pag-aaral sa mga larangang semantik at fonolojikal. Ang fakulti ng wika ay binubuo ng tatlong komponent: sintaktik, semantik, at fonolojikal. Dapat lamang na maipapaliwang rin ng freymwork ang relasyon ng tatlong mekanismo na nagpapatakbo sa fakulti ng wika upang makakamtan ang *unified* aprowch sa pag-aakawnt ng wika sa kabuuan nito.

Mapapansin na sa ngayon, sintaktik pa rin ang pinag-uukulan ng panahon ng mga iskolar lalo na sa bandang atin na bago lamang gumagamit nitong freymwork bilang kasangkapan ng linggwistik analisis. Kaugnay dito, inererekomenda ang mga sumusunod:

1. Ang mas komprehensibong pag-aaral ng mga proseso sa *Spell-Out* para sa mga wika sa Pilipinas. Ang mas detalyadong pagtatalakay ng mga mekanismo na nagtitriger ng *Spell-Out* at alin sa mga mekanismong ito ang aplikabol sa mga wika natin o kung anu-ano ang mga parameter na itinatakda ng mga wika natin sa operasyong ito.

Language Links.org
Philippine Languages to the World

2. Ang masinsinang pagtatalakay sa komputasyon mula *Spell-Out* hanggang LF. Sinasabing unibersal ang muvment at ang mga prosesong nagaganap sa LF. Kaugnay dito, kailangan ang pagsusuri sa iba't-ibang katangian ng LF, sa mga proseso na nangyayari sa LF, at sa mga lihitimong mga bagay na nakikita sa LF at ang fangksyon at ang relasyon ng mga ito sa isa't-isa. Sinabi ni Chomsky(1995:380) na pinagpapaliban niya ang mga bagay na may kaugnayan sa mga *lexical item* sa LF dahil ang mga bagay na ito'y magdadala sa atin sa mga isyu na may kaugnayan sa paggamit ng wika (*language use*) na komplikado at di-gaanong naiintindihan. Ganunpaman, ang LF ay mahalagang bahagi ng MP at ang mga pagsasaliksik kaugnay dito gamit ang sarili nating mga wika ay makakatulong sa pagsisiguro sa aplikabiliti ng Minimalist freymwork sa pag-aakawnt ng derivesyon ng iba't-ibang klos sa mga wika natin.
3. Ang masusing pag-aaral sa fonolojikal na proseso mula *Spell-Out* tungong PF. Maraming dapat malaman hinggil sa operasyon ng mga fonolojikal rul na sumasaklaw sa prosesong ito. Kung sa pananaw ng mga leksikalist may infleksyon na ang mga salita na napapabilang sa Numerasyon, paano ito maiuugnay sa mga rul na morfolojikal, morfofonemik, at fonolojikal? Paano ba maaakawnt ang mga prosesong ito gamit ang freymwork ng MP?
4. Ang malawakan at mas detalyadong pag-aaaral ng dalawang interfeys, LF at PF. Ang dalawang ito ang nakikipag-ugnayan sa performans, o sa paggamit ng wika.

Language Links.org
Philippine Languages to the World

5. Ang pag-aplay ng MP freymwork sa mga klos na hindi verbal sa wikang Cebuano at sa ibang mga wika sa Pilipinas.
6. Ang pag-akawnt ng iba't-ibang preys gamit ang MP.
7. Ang pag-akawnt ng mga komplex na mga sentens gamit ang freymwork ng MP.
8. Ang dagdag na pag-aaral sa derivesyon ng mga klos sa iba't-ibang wika sa Pilipinas gamit ang MP.
9. Ang komparatibong pag-aaral ng mga derivesyong ito upang makamtan ang unibersal na akawnt ng mga wika sa Pilipinas batay sa tyuretikal freymwork ng MP.

Makikita mula sa awtlayn sa mga rekomendasyong nabanggit na talagang marami pa ang dapat pag-aaralan hinggil sa aplikasyon ng freymwork na MP sa pagdederayv ng mga klos, preys, at iba pang konstruksyon ng wikang Cebuano sa partikular, at sa mga wika sa Pilipinas sa pangkalahatan.

Ang pagtatalakay ng disertasyon na ito sa isang aspeto lamang (viz., *narrow syntax*) ay isang hakbang tungo sa mas malawak na talakayan at komprehensibong mga reserts sa aplikabiliti ng MPsa mga wika sa Pilipinas. Kaugnay nito, masasabing isang mahalagang kontribusyon ang papel na ito sa linggwistika sa Pilipinas at maging sa pandaigdigang pag-aaral ng mga Prinsipol at mga Parameter ng UG.

proceed to bibliography
back to first page